Kristina C. Monserate
Editoryal | Filipino
Boston National High School
Boston District

# Bala, Hindi Sagot

Ang argumento ay dapat nilalabanan ng katwiran, hindi ng gatilyo.

Walang pagkakaiba ng pananaw - politikal man o personal - ang nagbibigay ng karapatang magbanta sa buhay ng kapwa, sapagkat ang hindi pagkakasundo ay dapat nauuwi sa diyalogo at hindi sa dahas.

Mas nakababahala ang ganitong pangyayari kapag isang guro ang nasasangkot, dahil ang mga tagapagturo ay inaasahang maging huwaran sa paggamit ng mahinahon, responsable at makatuwirang pagpapahayag ng saloobin.

Batay sa ulat, kinuwestiyon ni Palace Press Officer Atty. Claire Castro ang ACT Teachers party-list kaugnay ng umano'y pagbabanta ng isang guro sa Cebu na barilin siya, na ipinahayag online at maaaring humantong sa kaukulang pananagutan kapag napatunayang paglabag.

Hindi dapat maging sandata ang social media upang manakot o patahimikin ang taong may ibang paninindigan, sapagkat ang kalayaan sa pagpapahayag ay may kaakibat na pananagutan sa bawat salitang inilalabas sa publiko.

Dapat idaan ang mga pagtutol sa maayos na debate, diyalogo at legal na proseso, habang ang seryosong pagbabanta ay kailangang imbestigahan nang patas at ang sinumang mapatunayang lumabag ay managot alinsunod sa batas.

Kailangang maging mas responsable ang bawat isa sa paggamit ng social media at matutong makipagtalo nang hindi nananakot, dahil ang isang banta na binibitawan online ay maaaring magdulot ng tunay na takot at panganib sa buhay ng kapwa.

Hindi kahinaan ang pakikipagdebate nang mahinahon at hindi katapangan ang pagbabanta, sapagkat sa isang lipunang marunong mangatwiran, ang bala ay hindi kailanman sagot.

# Insuitong mapagbanta

by: Rufamae A. Catipunan

Ang galit ay likas na damdamin ng tao. Maaari itong magmula sa pagkadismaya, hindi pagkakaunawaan, o pakiramdam na hindi patas ang pagtrato. Ngunit kapag galit ay nauwi sa pagbabanta ng karahasan, hindi na ito simpleng pagpapahayag ng saloobin. Batay sa ulat ni Malou Escudero ng Pilipino Star Ngayon noong Agosto 24, 2026, isang guro sa Danao City, Cebu ang iniulat na nagbanta ng karahasan laban kay Palace Press Officer Atty. Claire Castro. Maaaring may dahilan ang galit, ngunit kailanmay hindi ito sapat na dahilan upang magbanta.

Hindi maikakaila na maaaring may pinaghuhugutan ang galit ng isang guro. Bilang tao, may karapatan din siyang masaktan, magalit, at ipaglaban ang kaniyang paninindigan. Ngunit bilang isang guro, mas malaki ang inaasahang pananagutan sa kanyang pananalita at kilos. Nakasaad sa Republic Act 11476, mas malakas ito para malaman na ang edukasyon ay dapat tumulong sa pagpapalakas ng ethical and spiritual values, moral character, personal discipline, respect, integrity, patience, at good faith, Ibig sabihin ang guro ay hindi lamang nagtuturo ng aralin, siya rin ay nagsisilbing huwaran sa mga mag-aaral. Kung ang hindi pagkakasundo ay sasagutin sa pamamagitan ng pagbanta, anong uri ng aral ang naiiwan sa mga mag-aaral na kanyang ginagabayan.

Mas naging mabigat ang banta dahil dahil ito'y iniulat na maaaring magkaroon ng legal na pananagutan kung mapatutunayang ginawa online. Ayon sa balita, sinabi ni Castro na maaari

magkaroon ng legal na pananagutan kung mapatutunayang ginawa online. Ayon sa Dalita, sinabi ni Castro na maaari itong humantong sa kaukulang kaso at parusang pagkakakulong na hanggang apat na taon.

Gayunman, hindi rin dapat hatulan ang guro nang walang sapat na ebidensiya. Sa ilalim ng Section 8 ng Republic Act. No.4670, may karapatan ang guro na malaman ang mga paratang laban sa kanya, makita ang ebidensiya, marinig ang kanyang panig, at ipagtanggol ang sarili. Dapat suriin ang eksaktong pahayag, pinagmulan nito, konteksto at iba pang patunay upang malaman ang buong katotohanan. Ang pagiging makatarungan ay nangangahulugang hindi binabalewala ang banta, ngunit hindi rin hinahatulan ang isang tao nang walang sapat na batayan.

Kaya naman, kinakailangang kumilos ang mga kinauukulan nang mabilis ngunit responsable. Dapat makipagtulungan ang mga opisyal ng paaralan, kinatawan ng mga guro, at tamang awtoridad upang maisagawa ang patas na imbestigasyon at maitupad ang kaukulang aksiyon kung mapatutunayang may paglabag. Kasabay nito, dapat palakasin ang mga programang nagtuturo ng conflict management, digital responsibility, at maayos na paraan ng pagpapahayag ng galit at hinaing.

Sa huli, may dahilan ang galit, ngunit hindi ang banta. Maaaring ipaglaban ng isang tao ang kanyang dignidad, prinsipyo, at paninindigan, ngunit dapat itong gawin sa paraang hindi naglalagay sa panganib sa buhay at seguridad ng iba. Lalo na sa isang guro, ang tunay na tapang ay hindi nasusukat sa tindi ng pananakot kundi sa kakayahang kontrolin ang sariling galit. Kung may mali, itiwid sa pamamagitan ng katotohanan, ebidensiya, at batas – sapagkat ang galit ay maaaring ipaliwanag, ngunit ang banta ay kailangang panagutan.

PAGSULAT NG EDITORYAL

KENNETH F. LAYSON
LUPON NATIONAL COMPREHENSIVE HIGH SCHOOL
LUPON WEST

3

# PARANGAL NA WALANG LAYO SA SARILI

ANO ANG HALAGA NG ISANG PARANGAL KONG ANG NAGBIBIGAY AT TUMATANGGAP AY IISA RING GRUPO? ITO ANG TANONG NA BUMABAGABAG NGAYON SA PUBLIKO MATAPOS IPAHAYAG NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO (KWF) NA ANG ILAN SA MGA SARILING KOMISYONER NITO ANG TATANGGAP NG "KAMPEON NG WIKA 2026", ISANG PARANGAL NA INILAAN UMANO PARA SA MGA MAY NATATANGING AMBAG SA PAGTATAGUYOD AT PAGPAPAYAMAN NG WIKANG FILIPINO.

SA INILABAS NA ANUNSYO NG KWF, KABILANG SA KIKILALANIN BILANG KAMPEON NG WIKA 2026 ANG ILANG KASALUKUYANG KOMISYONER NG AHENSIYA. AYON SA KWF, ANG PARANGAL AY IGINAGAWAD TAUN-TAON SA MGA INDIBIDWAL, INSTITUSYON, O SAMAHANG MAY AMBAG SA PAGPAPAUNLAD, PAGPAPALAGANAP, AT PRESERBASYON NG WIKANG FILIPINO AT MGA KATUTUBONG WIKA. GAYUNPAMAN, UMANI ITO NG BATIKOS MULA SA IBA'T-IBANG SEKTOR, KABILANG ANG MGA MANUNULAT, ARTISTA, AT DATING OPISYAL NG KWF. MAGING SI DATING KOMISYONER JERRY GRACIO AY NAGPAPAHAYAG NG MATINDING PAGDUDUDA AT INIHALINTULAD ANG PANGYAYARI SA ISANG "BUHAT-BANGKO."

HINDI DAPAT GAWING SARILING ENTABLADO NG ISANG PAMPUBLIKONG INSTITUSYON ANG PAGKILALA SA KAHUSAYAN. BAGAMAN MAAARING TUNAY AT MAHALAGA ANG NAGING AMBAG NG MGA OPISYAL NA PINARANGALAN, NANANATILING USAPIN ANG PROSESO AT PRINSIPYO SA LIKOD NG PAGKILALA. ANG ISANG PARANGAL AY HINDI LAMANG TUNGKOL SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT NG TUMATANGGAP; NAKASALALAY RIN DITO ANG KREDIBILIDAD NG NAGBIBIGAY. KAPAG ANG ISANG AHENSIYA AY NAGBIBIGAY NG PAGKILALA SA SARILI NITONG MGA OPISYAL, NALALAGAY SA PANGANIB ANG TIWALA NG PUBLIKO SA PATAS AT MALAYANG PAGPILI NG MGA PINARANGALAN.

HIGIT PA RITO, ANG GANITONG HAKBANG AY NAGPAPADALA NG MALING MENSAHE TUNGKOL SA PANANAGUTAN AT TRANSPARENCY. SA HALIP NA MAGING HALIMBAWA NG MATAAS NA PAMANTAYAN SA PAGLILINGKOD PUBLIKO, NAGBUBUKAS ITO NG MGA TANONG KUNG SAPAT PANG MAY CHECKS AND BALANCES SA PROSESO NG PAGKILALA. ANG MGA PARANGAL AY DAPAT MAGSILBING INSPIRASYON AT SIMBOLO NG INTEGRIDAD. NGUNIT KUNG MADADAWITAN NG PAGDUDUDA ANG PARAAN NG PAGBIBIGAY NITO, NALILIHIS ANG ATENSYON MULA SA TUNAY NA LAYUNIN NG PAGKILALA AT NAPAPALITAN NG AGAM-AGAM.

MAAARING IPAGTANGGOL NG KWF NA ANG MGA KOMISYONER NA NAPILI AY MAY LEHITIMO AT NATATANGING KONTRIBUSYON SA PAGTATAGUYOD NG WIKA. POSIBLE RING IGIIT NA WALANG NILALABAG NA PATAKARAN SA GANITONG PAGKILALA. NGUNIT KAHIT MAY LEGAL NA BATAYAN, HINDI NITO AWTOMATIKONG NATUTUGUNAN ANG USAPIN NG PRINSIPYO AT PUBLIC PERCEPTION. SA MGA INSTITUSYONG PAMPUBLIKO, HINDI SAPAT NA MAGING TAMA ANG PROSESO SA PAPEL; KAILANGAN DING MAKITA AT MARAMDAMAN NG PUBLIKO NA ITO AY MALINIS, PATAS, AT MALAYA SA ANUMANG ANYO NG PAGKILING.

ANG WIKANG FILIPINO AY SALAMIN NG ATING PAGKAKAKILANLAN, AT ANG MGA INSTITUSYONG TAGAPAGTAGUYOD NITO AY DAPAT DING MAGING HUWARAN NG INTEGRIDAD - KUNG NAIS NG KWF NA MAPANATILI ANG RESPETO AT TIWALA NG SAMBAYANAN, DAPAT NITONG TIYAKIN NA ANG MGA PARANGAL AY HINDI LAMANG MAKATARUNGAN KUNDI LAMPAS SA ANUMANG DUDA- SAPAGKAT SA LARANGAN NG PAGLILINGKOD PUBLIKO, ANG PINAKAMAHALAGANG PAGKILALA AY HINDI TROPEO O TITULO KUNDI ANG TIWALANG KUSANG IPINAGKAKALOOB NG TAONG-BAYAN.

KAIREEN L. FELISCONSO
EDITORIAL WRITING / FILIPINO
BOSTON NATIONAL HIGH SCHOOL
BOSTON DISTRICT

9

Banta, Hindi Sagot!

Ang hindi pagkakasundo ay normal sa isang demokratikong lipunan. May kalayaan tayong magsalita at magpahayag ng saloobin, ngunit ang kalayaang ito ay may kaakibat na pananagutan.

Isang guro sa Cebu ang iniulat na nagbanta umanong babarilin si Palace Press Officer Atty. Claire Castro. Ang pangyayaring ito ay nagbubukas ng mahahalagang isyu tungkol sa responsableng paggamit ng social media, propesyonalismo ng mga guro, at tamang paraan ng pagpapahayag ng pagtutol.

Hindi dapat gamitin ang pagbabanta bilang paraan ng pakikipagtalo. Mariing tinututulan ang anumang banta ng karahasan, lalo na kung nagmumula sa isang taong inaasahang maging huwaran ng mga kabataan. Maaaring punahin ang isang opisyal o patakaran, ngunit dapat itong gawin sa maayos at makatuwirang paraan.

Mas seryoso ang usapin sapagkat guro ang nasangkot. Ang guro ay hindi lamang nagtuturo ng akademikong kaalaman; hinuhubog din niya ang asal at pagpapahalaga ng mga mag-aaral. Ang anumang kilos na maaaring magpakita na katanggap-tanggap ang pananakot ay maaring magkaroon ng masamang impluwensiya sa mga kabataan.

Malaki rin ang pananagutan sa paggamit ng social media. Ang isang pahayag na isinulat dahil sa galit ay maaaring mabilis na kumalat at magkaroon ng epekto sa taong pinatutungkulan at sa publiko. Dahil dito, kailangang pag-isipan muna ang bawat salita bago ito ilathala online.

Gayunman, hindi dapat agad hatulan ang sinumang inaakusahan. Kailangang magsagawa ng patas at masusing imbestigasyon upang matukoy kung ano talaga ang nangyari at kung may paglabag na naganap. Kung mapatunayan ang banta, nararapat lamang na ipatupad ang naaangkop na batas at mga patakaran sa propesyon, alinsunod sa due process.

Bilang solusyon, kailangang palakasin ng mga paaralan at kinauukulang ahensiya ang mga programa tungkol sa professional ethics, responsableng paggamit ng social media, at maayos na pamamahala ng hindi pagkakasundo. Dapat ding magkaroon ng malinaw na paraan upang maiulat at matugunan ang mga seryosong pagbabanta nang hindi pinalalala ang sitwasyon.

Sa huli, ang matinding opinyon ay maaaring ipahayag, ngunit ang pagbabanta ay hindi kailanman katanggap-tanggap na paraan ng pakikipaglaban sa isang isyu. Kung nais nating magkaroon ng lipunang may malayang pagpapahayag dapat itong samahan ng respeto, pananagutan, at pagsunod sa batas. Ang tunay na tapang ay ang kakayahang ipaglaban ang paniniwala gamit ang katwiran, hindi ang pagbabanta.

Anacaya, Emelou Q.
RDES - Manay South
Pagsulat ng Editoryal

"Pagkakaiba ng Bilang, Pagkakaisa sa Pagkilos"

Sa paglabas ng ulat noong 2025, lumitaw ang isang malaking pagkakaiba sa antas ng stunting sa mga batang may edad na 0-59 buwan. Ayon sa National Nutrition Council (NNC), ito ay 5.0%, samantalang ang DOST-FNRI naman ay nag-ulat ng 25.3%. Ang higit sa limang beses na pagkakaibang ito ay hindi lamang simpleng numero; ito ay isang seryosong babala tungkol sa kalagayan ng nutrisyon ng ating mga kabataan.

Ang mga ahensyang ito ay gumagamit ng magkakaibang pamamaraan: ang NNC ay taunang gumagawa ng Operation Timbang Plus sa antas ng barangay, habang ang DOST-FNRI naman ay nagsasagawa ng mas malawak na pambansang pagsusuri tuwing limang taon. Sa kabila ng kanilang magka-ibang diskarte, hindi natin maaaring ipagwalang-bahala ang mas mataas na bilang, na nagpapakita ng malalim at mas malawak na suliranin sa nutrisyon.

Ang stunting ay isang seryosong hadlang sa pisikal at kaisipang pag-unlad ng mga bata. Upang mapabuti ang edukasyon sa nutrisyon at suportahan ang mga pamilya, mahalaga ang pagkakaroon ng iisang pamantayan at tumpak

Anacaya , Emelou O.
RDES - Manay South
Pagsulat ng Editoryal

na datos. Hindi dapat maging hadlang ang pagkakaiba-iba ng mga numero sa pagtugon sa pangangailangan ng ating kabataan.

Huwag nating hayaang maging sanhi ng hindi pagkaka-intindihan ang mga datos. Ang mahalaga ay hindi kung aling impormasyon ang tama, kundi ang ating mabilis at pinag-isang pagkilos para sa kalusugan ng bawat bata. Ang kinabukasan ng ating bayan ay nakasalalay sa kanila—kinakailangang kumilos tayo ngayon; hindi tayo maaaring maghintay pa.